



Deklarasyon ng Paglalakbay na Pandagat (Maritime Travel Declaration)

Pangkalahatang Ideya

Ang mga manlalakbay na dumarating mula sa Australia ay kailangang magsumite ng Deklarasyon ng Paglalakbay na Pandagat (Maritime Travel Declaration, MTD). Dapat kang magsumite ng isang MTD bago sumakay sa iyong barko para sa iyong paglalayag papuntang Australia. Dapat mong isumite ang iyong MTD sa pagitan ng 3 hanggang 10 araw bago ka sumakay sa barko. Kapag kinukumpleto mo ang MTD, kakailanganin mo na:

- ibigay ang detalye ng iyong kontak, kasama ang email address at ang numero ng iyong telepono kung saan ka makokontak habang ikaw ay nasa Australia
- gumawa ng deklarasyon tungkol sa estado ng iyong bakuna sa COVID-19
- gumawa ng deklarasyon tungkol sa kasaysayan ng iyong internasyonal na paglalakbay sa nakalipas na 14 na araw bago ka dumating sa Australia
- gumawa ng deklarasyon na alam mo ang mga kinakailangan para sa quarantine at sa pagsusuri na inilalapat sa estado o teritoryo kung saan ka lalapag at mga multa o parusa sa hindi pagsunod.

Tandaan: Bago mo kumpletuhin ang MTD, tingnan ang lahat ng iba pang mga kinakailangan sa pagbiyahe para sa Australia. Para sa listahan ng lahat ng mga dokumentong kailangan mo bago ka bumiyahе tingnan ang impormasyon para sa [mga Bakunadong biyahero](#) at [Di bakunadong biyahero](#).

Ang mga manlalakbay na dumarating sa Australia sa pamamagitan ng barko **ay hindi** kailangang magsumite ng Digital na Deklarasyon ng Pasahero (Digital Passenger Declaration, DPD).

Ang MTD ay para lamang sa mga taong dumarating sa Australia sa pamamagitan ng barko. Sa halip, kailangan mong magsumite ng [Digital Passenger Declaration](#) (DPD) kung ikaw ay darating sa Australia sa pamamagitan ng eroplano.

Mga multa at pagpapatupad

Dapat mong gamitin ang Maritime Travel Declaration (MTD) para magbigay ng mga kritikal na impormasyon, kasama na rito ang deklarasyon o pahayag tungkol sa estado ng iyong bakuna, bago ka sumakay ng barko para sa iyong paglalayag papuntang Australia. Ito ay ipinatutupad ng kinakailangan. Maaaring managot sa sibil na parusa (multa) ng 30 penalty unit (kasalukuyang \$6,660 AUD) ang taong hindi nakasunod sa kinakailangan. Ito ay itinakda sa seksyon 46 ng *Batas sa Biosecurity ng 2015*.

Isang seryosong krimen ang pagbibigay ng mali o nakakalitong impormasyon sa Gobyerno ng Australia. Kung mahatulang nagkasala, pagkakakulong ng 12 buwan ang pinakamataas na parusa.

Maaari ding maglapat ang mga estado at teritoryo ng mga parusa upang maipatupad ang pagsunod sa mga kautusan ng pampublikong kalusugan. Maaaring kabilang dito ang pagsusuri sa COVID-19 at pagbubukod sa sarili o mga kinakailangan sa quarantine. Kung hindi ka sumusunod sa mga kautusan ng pampublikong kalusugan o alinman sa mga kinakailangan pagkatapos mong makapasok, maaari kang humarap sa malubhang mga parusa, kabilang ang pagkakakulong o malaking multa. Puwedeng magbago ang mga kinakailangan sa maikling paunawa. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo](#).

Puwedeng makansela ang visa, makulong, at mapaalis ang mga may-ari ng pansamantalang visa na dumating sa Australia kung sila ay:

- hindi ganap na nabakunahan para sa mga layunin ng pagbibiyahe sa ibang bansa alinsunod sa mga kinakailangan sa pagpasok sa border ng Australia
- walang medical contraindication sa isang bakuna laban sa COVID-19 batay sa tinukoy ng Pamahalaan ng Australia
- wala sa kategoryang may pahintulot o walang indibidwal na pahintulot sa pagbibiyahe.

Kumpletuhin ang deklarasyon

Maaari mong kumpletuhin ang iyong Maritime Travel Declaration (MTD) gamit ang [online na form ng MTD](#).

Kakailanganin mong gumawa ng account, na magbibigay-daan sa iyong pangasiwaan sa iisang lugar ang iyong mga deklarasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Pagsisimula ng iyong deklarasyon

Hindi mo kailangang magbayad para sa MTD – ito ay libre.

Bago mo simulan ang iyong deklarasyon, ihanda ang sumusunod na impormasyon:

- pangalan at uri ng barko
- mga daungan ng pag-alis at pagdating
- balidong pasaporte
- paglalakbay sa ibang bansa o biyaheng pang-internasyonal sa nakalipas na 14 na araw bago ang iyong pagdating sa Australia
- Ang record ng bakuna sa COVID-19 o tinatanggap na ebidensya na hindi ka maaaring bakunahan dahil sa mga medikal na dahilan.

Dapat kumpletuhin ng bawat nasa hustong gulang ang kanilang sariling deklarasyon. Dapat kumpletuhin ng mga magulang ang deklarasyon ng kanilang mga anak na wala pang 15 taong gulang. Makakatanggap ka ng email kasama ang iyong nakumpletong deklarasyon, na maaari mong i-print o i-download.

Papunta at pabalik o roundtrip na mga paglalayag

Kapag ang papunta at pabalik o roundtrip na paglalayag ay magsisimula at matatapos sa Australia, ang mga manlalakbay at mga tripulante ay hindi kailangang magkumpleto / magsagot ng isang Maritime Travel Declaration (MTD), sa kondisyong kasama silang sumakay sa barko sa simula ng paglalayag. Kabilang dito ang pangdomestiko at pang-internasyonal na paglalayag na nagsisimula at natatapos sa Australia.

Kung ikaw ay sumali sa isang papunta at pabalik (round trip) na paglalayag sa isang daungan sa ibang bansa, kailangan mong magsagot / magkumpleto ng MTD bago ka sumali sa paglalayag.

Impormasyon para sa tripulante ng paglalakbay na pandagat

Ang mga tripulante ng paglalakbay na pandagat na nagtatrabaho sa isang barkong panliwaliw (cruise ship) ay dapat magkumpleto ng isang Maritime Travel Declaration (MTD) bago sumakay sa barko papunta sa Australia. Kung ang iyong barko ay gumagawa nang maraming pagtigil sa paglalayag habang patungo sa Australia, kailangan lamang kumpletuhin ang isang MTD bago ang iyong pag-alis sa unang daungan.

Ang MTD ay hindi kailangang isumite ng taong namamahala sa barko o ng isang miyembro ng tripulante ng barko kung wala silang interaksyon sa mga pasahero sa paglalayag o hindi nila balak na bumaba ng barko habang sila ay nasa teritoryo ng Australia.

Ang mga tripulante ng mga paglalakbay na pandagat (maritime crew) ng pangkomersyal na barko ay hindi kailangang magsagot / magkumpleto ng MTD. Ang sinumang pasahero na nakasakay sa pangkomersyal na barko ay kinakailangang magsagot / magkumpleto ng MTD.

Ang MTD ay hindi kailangang sagutan / kumpletuhin para sa mga barkong may operasyong pang-domestiko o panglokal sa Australia.

Ang lahat ng tripulante ng paglalakbay na pandagat (maritime crew) na dumarating sa Australia **sa pamamagitan ng eroplano** para sumama sa kanilang barko ay kailangang sagutan / kumpletuhin ang [Digital Passenger Declaration](#) (DPD), hindi ang MTD. Ito ay sapagkat ang MTD ay para lamang sa mga taong dumarating sa Australia sa pamamagitan ng dagat.

Ang resulta / kinalalabasan ng iyong Maritime Travel Declaration

Hindi ginagarantiyahan ng nakumpletong Maritime Travel Declaration (MTD) ang iyong pagpasok sa Australia.

Kapag naisumite mo na ang MTD, makakatanggap ka ng email na kailangan mong ipakita (alinman sa nakalimbag o elektronikong kopya) bago ka sumakay sa iyong barko at sa iyong pagdating sa Australia. Maaari mo ring ma-access ang resulta sa iyong MTD account.

Susuriin ng mga operator ng barko ang iyong MTD bago ka sumakay. Ang iyong MTD ay magpapakita ng resulta na maaaring alinman sa:

- **Berde:** ang impormasyong iyong isinulat sa iyong deklarasyon ay nagpapahiwatig na natugunan mo ang [mga kinakailangan ng Australia sa pagbabakuna para makapasok ka sa bansang ito](#). Kailangan mo pa ring ipakita ang iyong dokumentasyon sa pag-checkin. Ang mga operator ng iyong sasakyang pandagat / barko ay gagawa ng panghuling desisyon upang pahintulutan kang sumakay dito.
- **Asul:** ang impormasyong iyong isinulat sa iyong deklarasyon ay nagpapahiwatig na maaaring natugunan mo ang [mga kinakailangan sa pagbabakuna para makapasok sa Australia](#), depende sa iyong mga kalagayan. Ang mga operator ng barko ay maaaring kailanganing magsagawa ng ilang mga karagdagang pagsusuri bago ka sumakay.
- **Pula:** ang impormasyong isinulat mo sa iyong deklarasyon ay nagpapahiwatig na hindi mo natugunan ang mga kinakailangan ng Australia sa pagbabakuna para sa pang-internasyonal na paglalakbay. Hindi ka makapasok sa Australia maliban na lamang kung ikaw ay mayroong exemption o hindi saklaw ng mga restriksyon sa paglalakbay. Ang operator ng barko ay kakailanganing magsagawa ng ilang mga karagdagang pagsusuri at tiyakin kung makakasakay ka sa barko.

Dapat mong suriin ang mga pagsasaayos para sa paglalakbay at quarantine para sa lahat ng estado at teritoryong plano mong puntahan o daanan sa pagbibiyaha. Ang mga kinakailangan ay iba't iba sa bawat estado at teritoryo ng Australia. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo](#).

Iba pang impormasyon para sa mga operator ng barko

Para sa operator ng mga barko kasama ang mga operator ng barkong panliwaliw (cruise ship), pangkomersyal na barko, mga superyacht o malalaking barko para sa marangyang paglalayag, mga yate at mga sasakyang pandagat na ginagamit sa pag-aaliw o kasiyahan

(pleasure craft), may iba pang kinakailangan na dapat malaman. Tingnan ang [Pagpasok at Paglabas sa pamamagitan ng Dagat \(Entering and Leaving by Sea\)](#).

Suporta

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng iyong MTD, tingnan ang [mga madalas na itinatanong](#).